Ang mga iniksiyong ito ay karaniwang ibinibigay sa loob ng anim na buwan.

---

Upang maprotektahan ang sarili laban sa hepatitis B, kailangang tumanggap ka ng tatlong iniksiyon.

---

## Saan ako makakatanggap ng mga iniksiyon sa hepatitis B?

Sabihin sa iyong doktor na bakunahan ka laban sa sakit na ito. May mga klinika sa paaralan na nagbibigay ng mga iniksiyong ito. Kung wala kang doktor o walang klinika sa paaralan, o hindi mo kayang bumayad ng mga iniksiyon, kontakin ang kagawaran ng kalusugan sa inyong siyudad o county.

## Kailangan ko pa ba ang ibang iniksiyon?


Maaari. Ang mga bakuna ay maaaring magbigay ng panlaban sa maraming malubhang sakit kabilang ang bulutong tubig, tetano, dipterya, tigdas, beke, rubella, hepatitis A, trangkaso, at sakit sa baga. Sabihin sa tagapagkaloob ng iyong pangangalagang pangkalusugan na tulungan kang alamin kung anong mga iniksiyon ang iyong kailangan.

Hepatitis B Coalition
Immunization Action Coalition
1573 Selby Avenue
St. Paul, MN 55104
651-647-9009
www.immunize.org

Ang nilalaman ng polyetong ito ay nirepaso ng Centers for Disease Control and Prevention para sa katumpakang teknikal. Ito ay walang copyright. Huwag mag-atubiling baguhin ito upang itugma sa pangangailangan ng inyong klinika o komunidad. Gayunman, kung babaguhin ito, mangyaring ilagay na ito ay kinuha sa Hepatitis B Coalition.

Item #P4100-06 Tagalog (6/97)

# Linggu-linggo daan-daang tinedyer ang nagkakaroon ng hepatitis B



# Magpa-bakuna laban sa sakit na ito!!

## Ano ang hepatitis B?

Ang hepatitis B ay isang malubhang sakit sa atay na sanhi ng isang virus. Ang virus ay maaaring pumasok sa dugo, atakihin ang atay, at maging dahilan ng malubhang karamdaman — o maging ng kamatayan. Sa ilang kaso, ang virus ay maaaring manatili sa katawan nang matagal na panahon at maging dahilan ng patuloy ng pagkasira ng atay — kabilang ang kanser sa atay.

---

Si A.J. ay 15 taong gulang nang mamatay dahilan sa hepatitis B. Ang kanyang pamilya ay may malalaking pangarap para sa kanya. Maaaring nailigtas siya ng tatlong iniksiyon.

---

## Paano nagkakaroon ng hepatitis B ang mga tinedyer?

Maraming paraan. Ang hepatitis B ay ikinakalat ng:

- Seks
- Paggamit ng hindi pansarili lamang na pang-iniksiyon, sepilyo, o pang-ahit
- Kontak sa dugo ng iba
- Tato o pagtundo sa katawan ng kagamitang hindi isterilisado

Ikaw ay HINDI mahahawa ng hepatitis B mula sa pagbahing, pag-ubo, o paghawak sa kamay.

## Talaga bang makakaramdam ako ng sakit kung magkakaroon ng hepatitis B?

Magkakaiba ang mararamdaman ng tao. Maaaring magkasakit ka nang malubha (isa sa tatlo ang nagkakaganito). Ang mga sintomas mo ay maaaring alinman sa mga sumusunod:

- paninilaw na balat at mga mata
- malaking tiyan na nakakaramdam ng pananakit
- pagkawala ng ganang kumain, labis na pagkapagod
- pakiramdam na gusto mong magsuka
- lagnat
- ihing madilim ang kulay
- singaw sa buong katawan

May mga nahawang tao na hindi nakakaramdam ng sakit. Maaari pa rin silang makahawa at magkaroon ng malubhang sakit sa atay sa bandang huli.

---

Ang hepatitis B ay nakakahawa sa isa sa bawat 20 Amerikano sa isang panahon sa kanilang mga buhay.

---

## Marami bang tao ang nagkakaroon ng hepatitis B?

Bawat taon mahigit sa dalawandaan at limampung libong tao ang nagkakaroon ng hepatitis B. Mahigit sa isang milyong tao sa U.S. ang may virus na ito sa kanilang dugo. Bawat linggo daan-daang tinedyer ang nagkakaroon ng hepatitis B.

## Paano ko mapoprotektahan ang sarili laban sa hepatitis B?

Upang maprotektahan ang sarili laban sa hepatitis B, kailangan mong tumanggap ng tatlong iniksiyon. Ang bakunang hepatitis B ay isa sa pinakaligtas na bakuna. Ginagamit ito sa U.S. simula pa noong 1982 at naipakitang ligtas. Siguruhing makakuha kayo ng tatlong mahalagang iniksiyong ito.